Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

our website:
www.humanitynewsph.com

## PHILHEALTH ONSITE SERVICES DURING THE JOB FAIR ORGANIZED BY THE PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE OF THE LGU OF BACOOR





HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. X No.20 April 13-19, 2026 P10.00

The Local Health Insurance Office (LHIO) Dasmariñas participated in the Job Fair organized by the Public Employment Service Office (PESO) of the Local Government Unit (LGU) of Bacoor on March 26, 2026.

The event was held at Molino Town Center in Bacoor, Cavite, serving as a venue that connected job seekers with various participating agencies and organizations. During the activity, LHIO Dasmariñas set up an information booth to assist applicants and provide information on PhilHealth programs, membership registration, and available services. The team also addressed inquiries related to membership, benefits, and contribution requirements, ensuring that attendees were well-informed about PhilHealth services.

The event was attended by numerous job seekers from different parts of Cavite, providing LHIO Dasmariñas an opportunity to engage with the community and promote awareness of PhilHealth programs.

Through its participation in the job fair, LHIO Dasmariñas reaffirmed its commitment to supporting government initiatives and strengthening its presence in the community by bringing its services closer to the public.

## Former OFWs Enhance Skills in Pastry-Making Training by OPCDO



The Provincial Government of Cavite, through the Office of the Provincial Cooperatives Development Officer (OPCDO) – Livelihood Division, successfully conducted an in-house training on pastries and delicacies, focusing on brownies and chocolate chip cookies making, on March 23, at Bahay Kalinga, Cavite Command Center compound, Trece Martires City.

The activity gathered 20 former Overseas Filipino Workers (OFWs) and was organized in collaboration with the Office of the Provincial Social Welfare and Development Officer (OPSWDO), aiming to equip participants with practical skills that can serve as a source of livelihood.

Ms. Myrachel P. Cuadra, Officer-in-Charge of OPCDO, formally opened the program and welcomed the participants, emphasizing the importance of skills development in building sustainable income opportunities. This was followed by an inspiring message from Mr. Allan Valencia, RSW, MMus, of OPSWDO, who encouraged the participants to maximize the training as a stepping stone toward self-reliance.

An orientation on OPCDO programs and services was also conducted by Ms. Sheryll H. Loyola, Livelihood Division Head, to further guide participants on available support for their future ventures. The training proper was facilitated by Ms. Corazon A. Tepora, who shared her expertise in baking, providing hands-on learning for the participants. Through initiatives like this, the Provincial Government of Cavite continues to empower returning OFWs by providing them with opportunities to develop skills and establish sustainable livelihoods within the province.--- OPIO


## Get the sweetest deal on our Best Sellers!




*#SpotYourHappy by enjoying a pre-assorted Half Dozen for P199 on April 9 to 12 and 24 to 26, 2026! Save P96!*

*This box of 6 includes 3pcs Original Glazed doughnuts, 1pc Nutella with Almonds, 1pc Biscoff Glaze and 1pc Milk Choco Crisp made with KitKat.*

*Delivery SRP is P239 and may vary across delivery partners.*

*Promo is valid from April 9 to 12 and 24 to 26, 2026*

*Available for dine in, take-out, pick-up, drive thru, or through our delivery via:*

*https:/now.krispykreme.com.ph*

*Metro Manila Hotline at 888-79000*

*GrabFood, FoodPanda and Pick.A.Roo. Terms and conditions apply.*

*Promo is not valid in conjunction with other promos or discounts.*

*Maximum of 2 sets per transaction per person.*

*DTI Fair Trade Permit No.230243 FTEB- Series of 2026*


HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. X No.20 April 13-19 2026 10.00 ISSN No.: 2672-3034



# Cavite stakeholders join Trabaho Para sa Bayan 2025–2034 Action Planning

Story on p. 2




## BACOOR LGU MEETS WITH DOTR-LRT OFFICIALS TO DISCUSS RELOCATION AND INFRASTRUCTURE PROJECTS



SBR Conference Room, April 7, 2026 — The City Government of Bacoor, led by Mayor Strike B. Revilla, held a coordination meeting with representatives from the Department of Transportation

con.on p.2

## 25 kg bigas, ipinamahagi ng Tagaytay City Lgu sa mga miyembro ng toda



Sa pangunguna ni Tagaytay City Mayor Brent Tolentino at ibang lokal na opisyal, matagumpay na isinagawa ng Tagaytay City Government, katuwang ang City Social Welfare and Development Office (CSWDO), ang pamamahagi ng tig-25 kilong bigas bilang subsidiya para sa bawat miyembro ng TODA sa lungsod.

Layunin ng programa na magbigay ng

con.on p.2

## 3,545 residente ng Brgy. Pasong Buaya 2, naserbisyuhan sa Aaksyon Caravan

Umabot sa 3,545 residente ng Lungsod ng Imus ang naserbisyuhan sa patuloy na paglapit ng mga pangunahing serbisyo ng pamahalaan

con.on p.2



## Cavite stakeholders...

from page 1

Stakeholders from various sectors in the province of Cavite participated in the Trabaho Para sa Bayan (TPB) 2025–2034 Action Planning with Cavite Stakeholders conducted on March 4 at the New Provincial Government Center in Trece Martires City.

The activity was facilitated by the Department of Economy, Planning and Development – Regional Office IV-A in coordination with partner agencies and local stakeholders to discuss strategies and initiatives aimed at strengthening employment generation and workforce development in the region.

The action planning served as a venue for representatives from national government agencies, local government units, academe, private sector partners, and other stakeholders to share insights and provide inputs in crafting localized strategies aligned with the Trabaho Para sa Bayan Plan 2025–2034.

During the activity, participants discussed the labor market situation and environmental trends, identified key challenges affecting the workforce, and proposed priority programs that will support job creation, skills development, and inclusive economic growth in Cavite.

The Trabaho Para sa Bayan Plan, established under Republic Act No. 11962, serves as the country's master plan for employment generation. It aims to promote productive and decent employment opportunities by strengthening collaboration among government agencies, the private sector, and other stakeholders.

Through the action planning workshop, Cavite stakeholders were able to contribute valuable inputs that will help ensure that regional and local employment initiatives are aligned with the national employment strategy, further reinforcing the commitment of partner institutions in advancing sustainable job opportunities for Filipinos.--- OPIO

## BACOOR LGU MEETS WITH DOTR–LRT...

from page 1

– Light Rail Transit Project Implementation Unit (DOTR-LRT PIU) to discuss key matters related to infrastructure development and relocation activities.

The meeting was organized through the City Engineering Office headed by Jicky Jutba, with representatives from the City Administrator's Office and the Housing Urban Development and Resettlement Department (HUDRD) also present.

Representing the DOTR-LRT PIU were Jovanie John R. Guang, Cyres Ian M. Sanchez, Dominic Paul Gomez, Christian Espiritu, Kayla Camille A. Miguel, Carlo Cervantes, Jan Clarence M. Pulido, and Kenneth O. Coronel.

A key agenda of the meeting was the relocation of 32 Informal Settler Families (ISF) affected by property acquisition for the Manila Light Rail Transit Line 1 South Extension Project. The relocation forms part of Package 3 of the project and covers activities such as social preparation, pre-relocation screening, site assignments, documentation, and the eventual relocation and turnover of housing units.

The focus area is along the LRT-1 South Extension Project alignment with a 10-meter Right-of-Way (ROW) identified as LRTA-acquired property. Initial activities conducted include:

- 1st General Assembly and document collection held at Zapote III Barangay Hall on March 19, 2026
- Census survey and on-site document collection conducted on March 26, 2026

Other matters discussed during the meeting included the relocation status of Maynilad Water Services and PT&T facilities, the issuance of Certificates of Compliance for demolition and eviction for affected ISFs, and updates on right-of-way clearing and demolition works.

The meeting highlighted the continued coordination between the Bacoor City Government and national agencies to ensure the smooth implementation of major infrastructure projects while addressing the welfare of affected residents.

## 3,545 residente ng Brgy. Pasong Buaya 2...

from page 1

**ng Aaksyon Caravan noong Marso 28, 2026, sa Woodsite 3 Subdivision, Brgy. Pasong Buaya 2.**

**Muling pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang opisyal na pagpapasinaya, kasama ang mga department at unit head ng iba't ibang tanggapan na katuwang sa naturang caravan.**

**Tampok sa caravan ang libreng legal na konsultasyon at notaryo mula sa Office of the City Legal Officer, libreng late birth registration mula sa Office of the City Civil Registrar, at libreng konsultasyong medikal at gamot mula sa Office of the City Health Officer at Ospital ng Imus.**

**Hatid naman ng tanggapan ni Cong. AJ Advincula ang libreng pustiso, konsultasyon sa mata, reading glasses, at operasyon sa katarata. Nakiisa rin ang Office of the Senior Citizens Affairs, Office of the Persons with Disability Affairs Officer, at Office of the City Social Welfare and Development Officer sa pagbibigay ng kani-kanilang serbisyo, gayundin ang Public Employment Service Office sa pagtulong sa mga Imuseñong makahanap ng trabaho at Office of the City Agriculturist na namahagi ng libreng binhi.**

**Kasabay nito, isinagawa ni Mayor AA ang kanyang People's Day upang personal na kumustahin ang mga pangangailangan at hinaing ng mga residente ng Cluster 6.**

**Naghatid din ng libreng Electrocardiogram (ECG), X-Ray, at mga gamot ang Office of the Provincial Governor bilang suporta sa caravan.**

**Patuloy na magiikot sa iba't ibang barangay sa Imus ang Aaksyon Caravan upang mas marami pang Imuseño ang makinabang sa mga serbisyo ng pamahalaan.**

## 25 kg bigas, ipinamahagi ng Tagaytay City...

from page 1

tulong at suporta sa mga tricycle drivers na patuloy na nagsisilbi sa komunidad sa kabila ng mga hamon sa kabuhayan.

Para naman sa mga hindi pa nakakatanggap ng kanilang subsidiya, maaari pa rin itong i-claim sa City Social Welfare and Development Office (CSWDO), Lunes hanggang Biyernes, mula alas-8:00 ng umaga hanggang alas-5:00 ng hapon.

Patuloy ang lokal na pamahalaan ng Tagaytay sa pagpapatupad ng mga programang makakatulong sa kapakanan ng kanilang mga mamamayan.

## CAVITE HIGHLIGHTS



By:
Yna Palparan Bautista

**Marcelino Aure-**

**Siya ay isang rebolusyonaryo na taga Mendez. Siya ay kabilang sa pangkat na sumakop sa Talisay, Batangas nang talunin ng pinagsamang lakas nina Aguinaldo, Pio del Pilar, Vito Belarmino at Aure ang mga Kastila doon.**

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
**PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.**

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00



## AMADEO GRAND FEST EXPO 2026, PORMAL NANG BINUKSAN SA CAVITE




Pormal nang binuksan ang Amadeo Grand Fest Expo noong Abril 6 sa pangunguna ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite sa pamamagitan ng Office of the Provincial Tourism Officer, katuwang ang lokal na pamahalaan ng Amadeo sa ilalim ni Mayor Jojo Domingo.


Tampok sa trade fair ang iba't ibang lokal na pagkain at produkto na layong palakasin ang kabuhayan ng mga negosyante at itaguyod ang Amadeo bilang sentro ng kalakalan, turismo, at kultura.

Ayon kay Provincial Tourism Officer Rozelle Sangalang, sumasalamin ang naturang inisyatiba sa lakas at pagkakaisa ng komunidad, at nagpapakita ng potensyal ng Amadeo bilang lugar ng oportunidad at pag-unlad.

Dumalo rin sa pagbubukas ang mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan mula sa ika-7 Distrito bilang pagpapakita ng suporta sa programa.

*(Go Cavite)*

## Cavite Career Caravan 2026 - AMADEO




Sa Coffee Capital ng Pilipinas, may bagong opportunity na naghihintay sa iyo! Ang Cavite Career Caravan 2026 ay darating na sa Amadeo — at gusto naming makita kayo doon!

* April 23, 2026

* Municipal Covered Court, Amadeo, Cavite

Abangan ang listahan ng local at overseas job vacancies na ipo-post namin soon.

Habang hinihintay, mag pre-register na agad! I-check ang link :

Pre-registration link: https://tinyurl.com/2026C-CC-Amadeo

Maghanda ng updated resume at ballpen, at i-tag ang mga kaibigan na naghahanap ng trabaho. Kita-kits!

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Balimbing bilang halamang gamot



***Scientific name: Averrhoa carambola Linn.; Averrhoa pentandra Blanco***

***Common name: Balimbing (Tagalog); Carambola (Espanyol); Star Fruit (Ingles)***

Ang balimbing ay isang karaniwang halaman na tumutubo sa mga bansang nasa rehiyong topiko. Tumutubo ang maliit nitong puto sa buong kapuluan ng Pilipinas. Pinaka kilala ang bunga nito na may mala-bituing hugis at kakaibang lasa.

Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Balimbing?

Ang iba't ibang bahagi ng halamang balimbing ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang mga dahon at bunga ng balimbing ay may taglay na saponins, alkaloids, flavonoids at tannins

Ang buto naman ng balimbing ay makukuhanan ng alkaloid, harmaline, at C13H14N20.

Ang bunga ng balimbing ay kilala ring mapagkukunan ng iron at Vitamin B at C. Mayaman din ito sa oxalate at potassium

Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Dahon. Ang dahon ng balimbing ay kadalasang pinapakuluan at pinapainom sa pasyente. Maaari din itong dikdikin at ipantapal sa balat para sa ilang mga kondisyon.

Bulaklak. Ang bulaklak ay pinapakuluan din at iniinom ang pinaglagaan para sa ilang mga kondisyon sa katawan.

Bunga. Ang bunga ng balimbing ay maaaring kainin mismo, o katasan upang mainom ang juice. Maaari rin itong pakuluan at ipainom sa pasyente.

Buto. Ang buto naman ay dinudurog at pinupulbos at inihahalo sa inumin upang ipanggamot sa ilang mga karamdaman.

Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Balimbing?

1. Lagnat. Nakatutulong sa pagpapababa ng lagnat ang paginom ng pinaglagaan ng dahon ng balimbing. Maaari ring ipantapal ang dinikdik na dahon sa ilang bahagi ng katawan upang mapababa ang lagnat.
2. Pananakit ng dibdib (angina). Pinapainom din ng pinaglagaan ng dahon ng balimbing ang mga taong dumaranas ng pananakit ng dibdib o angina.
3. Bulate sa tiyan. Ang pag-inom sa pinakuluan ng bulaklak ng balimbing ay epektibo sa pag-aalis ng bulate sa tiyan.
4. Pananakit ng ulo. Inilalagay sa ulo ang dinikdik na dahon ng balimbing upang mabawasan ang pananakit.
5. Pagsusuka. Ang pinaglagaan ng dahon at bunga ng balimbing ay makatutulong sa pagtigil ng tuloy-tuloy na pagsusuka.
6. Iritasyon sa mata. Ang katas ng bunga ng balimbing ay ipinapatak sa mata kung dumaranas ng iritasyon dito.
7. Pagkokombulsyon. Tumtulong sa pagtigil ng panginginig ng kalamnan dulot ng pagkokombulsyon ang pag-inom sa katas ng bunga ng balimbing.
8. Hika. Ginagamit sa paggagamot ng sakit na hika ang paginom sa dinurog na buto ng balimbing na hinalo sa inumin.
9. Kakulangan ng potassium sa katawan. Ang bunga ng balimbing ay may mataas na lebel ng potassium, kung kaya, maaari itong gamitin bilang supplement sa kakulangan ng postassium sa katawan.

# DSWD Cash Aid Payout for Tricycle Drivers






Sa kasalukuyan ay isinasagawa ang regional payout ng DSWD Cash Relief Assistance para sa ating mga tricycle drivers dito sa Bacoor Government Center Gymnasium. Mula 7 AM hanggang 2 PM, nasa 1,900 beneficiaries ang makakatanggap ng ayuda para sa unang batch.

Para sa mga susunod na batch, makipag-ugnayan sa inyong TODA President upang malaman ang schedule ng bigayan at iba pang detalye.


Sama-sama nating tiyakin na ang tulong ay makarating sa ating mga drayber na patuloy na nagsisilbi sa komunidad.

***(City Government of Bacoor)***




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

# 'KUNG MAY EDUKASYON, MAY DISIPLINA'



Si Armando "Jun" Ducat Jr. ay isang kilalang Filipino civil engineer, businessman, at social activist na nakilala sa bansa dahil sa kontrobersyal na insidente noong 2007 sa Maynila.

Si Jun Ducat ay naging laman ng mga balita matapos nitong i-hostage ang isang bus na lulan ang mga preschool students bilang bahagi ng kanyang protesta upang ipanawagan ang mas maayos na serbisyo ng gobyerno, partikular sa edukasyon at kahirapan.

Naging mapayapa ang pagresolba sa insidente at ligtas na nakalabas ang lahat ng mga batang bihag matapos ang negosasyon sa mga awtoridad.

Kilala rin si Ducat bilang tagapagtatag ng Musmos Day Care Center sa Tondo, Maynila, na layuning magbigay ng libreng edukasyon sa mga batang mahihirap.

Sa mga sumunod na taon, nagpatuloy siya sa mga community projects at iba pang inisyatiba na may layuning tumulong sa mga kapus-palad, kabilang ang mga proyekto sa Cavite. Isa na siya ngayong resort owner sa Naic, Cavite, kung saan itinatag niya ang "Paraiso de Jun Quixote," na ayon sa kanya ay layunin na gamitin ang kikitain upang makapagpatayo ng libreng ospital sa lalawigan.

Aminado ang ilan na mali ang naging hakbang ni Ducat sa insidente ng pangho-hostage, ngunit binibigyang-diin din ng marami ang kanyang naging panawagan laban sa korapsyon at para sa mas maayos na edukasyon ng kabataan—na aniya'y susi sa mas magandang kinabukasan ng bansa.



# Ika-84th Commemoration ng Araw ng Kagitingan sa Bayan ng Naic!





Patuloy na inaalala at binibigyang-pugay ng Bayan ng Naic ang kabayanihan ng ating mga beterano ngayong ika-84 na paggunita ng Araw ng Kagitingan.

Sa pangunguna ni Mayor Rommel Magbitang at Vice Mayor Jacinta Remulla, kasama ang mga kinatawan ng iba't ibang asosasyon ng mga beterano, ang seremonya ay ginanap sa Monument at the Intersection sa Brgy. Ibayo Silangan ngayong Huwebes, April 9, 2026.

Sa araw na ito, muli nating pinagtitibay ang ating pagkilala at pasasalamat sa sakripisyo at tapang ng ating mga bayani—isang inspirasyon para sa bawat Naicqueño na patuloy na maglingkod at magmahal sa bayan.

**(Municipality of Naic)**

# MEDICAL AT DENTAL MISSION, ISINAGAWA SA PALIPARAN III, DASMARIÑAS











Isinagawa noong Marso 31 ang isang medical at dental mission sa Paliparan III, Lungsod ng Dasmariñas na naghatid ng serbisyong pangkalusugan sa mga residente ng komunidad.

Mahigit 600 indibidwal ang nabigyan ng libreng konsultasyong medikal, serbisyong dental, at mga pangunahing pagsusuri sa kalusugan. Kabilang din sa mga serbisyong ibinigay ang blood sugar testing at ECG upang mas mapalawak ang pagsusuri sa kalagayan ng mga kalahok.

Naging posible ang nasabing aktibidad sa tulong ng mga health worker mula sa Office of the Provincial Health Officer, CARSIGMA Hospital, OPG Medical Mission Team, Barangay Health Workers, at mga lider ng komunidad. Dumalo rin si City Councilor Daisy Lyn Alvarez na nagsagawa ng konsultasyong medikal at nagpahayag ng patuloy na suporta sa mga programang pangkalusugan.

Ipinapakita ng nasabing inisyatibo ang patuloy na pagsisikap ng lokal na pamahalaan na mapalapit ang serbisyong pangkalusugan sa mamamayan.



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## TATLONG KATANUNGAN

1. Tatlong katanungan yaong mahalaga,
Sa kahihinatnang gusto mong makuha,
Pagmasdan, limiin ang gustong ibida,
Ang gabay sa buhay doon makikita.

2. Unang katanungan:"Nasaan ba ako?"
Dapat mong mabatid ang kalagayan mo,
Iyan ang simula ng lakbay na gusto,
Diyan susukatin sa iiwang punto.

3. Ikalawang tanong:"Saan ba pupunta?"
Sa kanan? Kaliwa? Papasulong ka ba?
Iyan yaong tanong sa tamang puntirya,
At dapat masagot nang napakaganda.

4. Ang ikatlong tanong pag naglalakbay na,
At nakalayo na sa dating umpisa,
Sa paulit-ulit dapat magtanong ka:
"Paano malamang ako'y naroon na?"

5. Ang ikatlong tanong dapat na limiin,
At baka di nais ng Diyos ito'y dinggin,
Baka ang balak mo'y iyo lang sa turing,
May nais din ang Diyos na dapat mong kunin.

6.Nariyan palagi itong kaibahan,
Ng isip ng taong akala'y kanya lang
Yaong mangyayari pag pinagsikapan,
At isip ng taong tadhana ang alam.

7. "May gugustuhin kang masama sa iyo,
May aayawan kang buti pala ito"
Ganyan ang sinabi ng Qur'an sa punto,
Dapat maging gabay ng lahat ng tao.

8. Sa nais makuha isiping palagi,
Pag inilihis ka ng Diyos sa mithi,
Ang ibibigay Niya ay higit sa limi,
Ang pagpapala Niya doon masusuri.

# Cavite strengthens flood mitigation efforts and inter-agency coordination through strategic meetings



The Provincial Government of Cavite reaffirmed its commitment to disaster resilience and effective governance through two significant meetings held on March 23, at the New Provincial Government Center in Trece Martires City: the Flood Mitigation Committee (FMC) Meeting and the Local Inter-Agency Committee (LIAC) Meeting.

The Flood Mitigation Committee Meeting was convened by Ms. Annabel Cayabyab, Head of the Office of the Provincial Environment and Natural Resources Officer (OPENRO), on behalf of Cavite Governor Francisco Gabriel "Abeng" Remulla. The meeting brought together key officials and stakeholders involved in the Cavite Industrial Area Flood Risk Management Project (CIA-FRIMP), alongside representatives from the Department of Public Works and Highways (DPWH), the Japan International Cooperation Agency (JICA), and partner agencies.

Notable participants from JICA included Mr. Aoki Nobuhiko, Ms. Catherine Palanca, and Ms. Shino Yamauchi, while local government units from Imus City, Bacoor City, General Trias City, Kawit, Rosario, and Noveleta were also represented, underscoring the collaborative nature of the initiative.

During the session, Mr. Shuji Kaku, CIA-FRIMP Project Team Leader, and Ms. Mimi Estaris, Non-Structural Measures (NSM) Specialist, presented updates on ongoing flood mitigation efforts, covering both structural interventions such as drainage improvements and pumping stations, and non-structural measures including early warning systems, community preparedness, and land-use planning. Engr. Aurelio Mendoza, Project Manager of DPWH-UPMO, further contributed technical insights that enriched the discussion and planning process.

The FMC continues to serve as a vital platform for coordination, strengthening partnerships among national agencies, local government units, and development partners toward enhancing flood management systems and building safer, more resilient communities across Cavite.

On the same day, the Local Inter-Agency Committee (LIAC) Meeting was held and presided over by Provincial Administrator Engr. Gilbert Gandia. The meeting gathered representatives from various government agencies and stakeholders to ensure alignment and coordination in infrastructure and development projects across the province.

A key highlight of the LIAC meeting was the discussion of the salient provisions of Republic Act No. 12289, also known as the Accelerated and Reformed Right-of-Way (ROW) Act. The law aims to streamline and expedite the acquisition of right-of-way for national government infrastructure projects, addressing common delays caused by land acquisition issues. Discussions emphasized the importance of inter-agency cooperation in implementing the law effectively, ensuring fair compensation, minimizing displacement concerns, and accelerating project delivery.

The LIAC serves as a critical mechanism for harmonizing policies, resolving implementation issues, and ensuring that national and local development initiatives are carried out efficiently and in accordance with existing laws and regulations.

Together, these meetings highlight the Provincial Government of Cavite's proactive approach in addressing flood risks while strengthening institutional coordination, paving the way for sustainable development and improved quality of life for its constituents.---

OPIO

## *SUMMER SAYA SA DASMARIÑAS ...*

from page 1

Ginanap ngayong araw, Abril 8, 2026, ang pagbubukas ng Summer Saya Sa Dasmariñas Food Bazaar & Trade Fair 2026 sa City of Dasmariñas Arena Parking Grounds.

Ang aktibidad na ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng pagtutulungan ng Pamahalaang Lokal ng Dasmariñas at ng Local Economic Development and Investment Promotions Office (LEDIPO).

Dinaluhan ito nina Vice Mayor Third Barzaga at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod bilang suporta sa patuloy na pagsusulong ng lokal na negosyo sa ating lungsod.

Bukas ito mula Abril 8 hanggang Abril 16, 2026.

Operating Hours:

- Linggo hanggang Huwebes: 9:00 AM – 9:00 PM
- Biyernes at Sabado: 9:00 AM – 11:00 PM

### ERRATUM

This is to correct the error made by this publication dated **MARCH 16, 23, & 30, 2026** in **AMENDED NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE filed by BDO UNIBANK, INC., versus JUVANE D. ANGGOLING,** it should be THENCE, N. 14 DEG. 16'W, 15.00 M TO PT. 6; N. 78 DEG. 06'E.,14.73 M. TO THE PT. OF BEGINNING, CONTAINING AN AREA OF TWO HUNDRED TWENTY-NINE (229) SQ.; ON THE GROUND BY PS CYL. CONC. MONS. 15 X 40 CM., ***AND NOT*** THENCE, N. 14 DEG. 16'W, 15.00 M TO PT. 6; THENCE N 78 DEG. 06'E 14.73 M. TO THE PT. OF BEGINNING. CONTAINING AN AREA OF TWO HUNDRED TWENTY-NINE (229) SQ. .; ON THE GROUND BY PS. CYL. CONC. MONS 15 X 40 CM., as published.

**HUMANITY NEWS**
**APRIL 13-19,2026**



# A Hopping Easter Celebration Across SM Malls in Laguna Delivers a Joy-Filled Day for All

*The spirit of Easter came alive in the most delightful way as families gathered for a heartwarming celebration across Laguna, led by the first-ever Easter Parade .It was truly a day to remember—filled with laughter, color, and magical moments that brought smiles to kids and kids-at-heart alike.*












At SM City Santa Rosa, the highlight of the day was the charming Easter Parade, where little ones proudly wore their adorable bunny ears and strolled around with bright, cheerful balloons in hand. Every corner of the mall was filled with joy and excitement, as families enjoyed a festive atmosphere made even more special by shared moments and happy memories.

The Easter fun extended beyond Santa Rosa, with SM Center San Pedro, SM City San Pablo, and SM City Calamba joining in the celebration, creating a unified and vibrant Easter experience across Laguna. Each mall buzzed with energy as guests enjoyed festive parade , family bonding, and the simple joy of being together.

More than just an event, this Easter celebration was a beautiful reminder of togetherness, community, and the magic that happens when people come together to celebrate life's little joys.

As the season of renewal continues, SM Supermalls in Laguna look forward to bringing even more exciting experiences—more reasons to gather, celebrate, and go all out.

Here's to more sweet moments, more happy gala days, and more magical celebrations ahead. #CelebrateEasterAtSM #GalaToTheMax #EverythingsHereAtSM

(Nina P. Wong)

# GMA Residents Benefit from Medical-Dental Outreach







The Provincial Government of Cavite, through the Office of the Provincial Governor (OPG) and the Office of the Provincial Health Officer (OPHO), conducted a Medical and Dental Mission on April 7, 2026, at Brgy. Poblacion 5, GMA.

A total of 425 residents benefited from medical services, while 67 individuals received dental care. Additional diagnostic services were also made available, with 17 residents undergoing ECG and 85 availing of FBS (fasting blood sugar) testing, helping detect and monitor common health conditions.

The activity was graced by 5th District Board Member Aidel Paul Belamide, joined by Municipal Councilor Aisa C. Gutierrez and other local officials, whose presence reinforced the province's commitment to accessible and community-based health services.

In collaboration with the GEAMH and Carsigma District Hospital medical team, consultation services were efficiently delivered, ensuring that patients received proper assessment and care. The OPHO dental team provided dental services, while the OPG medical team distributed free medicines to beneficiaries, extending support beyond consultation.---OPIO